

Pahina ng impormasyon sa Literasiya at Numerasiya

Pagsuporta sa iyong anak

Ano ang literasiya?

Ang literasiya ay ang kakayahang magbasa, tumingin, magsulat, magdisenyo, magsalita at makinig sa paraang pinapahintulutan tayong epektibong makipag-usap sa isa't isa at maunawaan ang daigdig.

Bakit mahalaga ang literasiya?

Mahalaga ang literasiya sa pagsiguro na may pinakamabuting pagkakataon ang iyong anak na magtagumpay sa kanyang pag-aaral at pang-araw-araw na buhay. Pinapahintulutan ng literasiya na maunawaan ang isang hanay ng nakasulat, pinapanood at sinasabing teksto kabilang ang mga libro, diyaryo, magasin, timetable, DVD, programa sa telebisyon at radyo, karatula, mapa, pag-uusap at tagubilin.

Mga paraan sa pagsuporta sa pagsulong ng literasiya ng iyong anak

Ipinakita ng pananaliksik na bumubuti ang motibasyon at pagganap ng mga bata kapag sangkot ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga sa kanilang edukasyon.

May maraming pang-araw-araw na bagay na maaari mong gawin upang himukin ang pagtuto ng literasiya. Kabilang dito ang:

- pagpapahalaga at paghikayat sa mga pagsisikap ng iyong anak sa literasiya
- pagbahagi ng iyong kaalaman at pagpapaliwanag kung paano gagamitin ang literasiya sa iyong pang-araw-araw na buhay
- paghihikayat sa iyong anak na magbasa at manood ng sari-saring teksto katulad ng mga diyaryo, nobela, komiks, magasin, website, email, timetable, tagubilin at resipe
- paghihikayat sa iyong anak na magsulat at magdisenyo para sa sari-saring layunin gamit ang mga rekursong print at elektroniko — mga imbitasyon, sulat na pagpapasalamat, listahan ng bibilhin, mensahe, journal at elektronikong slide show
- paghihikayat sa iyong anak na magsalita at makinig para sa sari-saring layunin — pagsasabi ng biro, pagbibigay ng mga tagubilin o pagtatanong para makakuha ng impormasyon
- pakikipagbahagi sa pagmamahal ng wika
- pagtatalakay kung paano nagmumukhang iba ang mga teksto depende sa layunin at mambabasa — halimbawa, ang text messaging ay gumagamit ng ibang pagbabaybay kumpara sa mga proyekto ng paaralan
- pag-uusap tungkol sa mga bagay na iyong nabasa o napanood na nakakatawa, kawiliwili o kapakipakinabang
- pagtatalakay sa mga paboritong manunulat, producer, direktor o mga ilustrador at kung ano ang gusto mo sa kanila
- pagtatalakay ng mga bago at di-pangkaraniwang salita o parirala at pagsisiyasat sa mga ito sa pamamagitan ng mga print at elektronikong diksiyonaryo
- paglalaro ng mga laro na naglilinigang ng kaalaman at kasiyahan sa mga salita
- paggamit ng mga rekurso sa komunidad para sa impormasyon, mga lokal at pampaaralang aklatan, club, pangkat sa komunidad at website.

Pahina ng impormasyon sa Literasiya at Numerasiya

Pagsuporta sa iyong anak

Ano ang numerasiya?

Ang pagiging numerate ay ang may-pananalig at epektibong paggamit ng matematika upang matugunan ang pang-araw-araw na mga pangangailangan ng buhay.

Bakit mahalaga ang numerasiya?

Ang numerasiya ay nagbibigay-daan sa iyo upang bumuo ng lohikal na pag-iisip at mga estratehiya sa pangangatwiran sa iyong pang-araw-araw na pamumuhay. Kailangan natin ng numerasiya upang makapaglutat ng mga problema at maunawaan ang oras, mga numero, pattern at hugis para sa mga aktibidad kagaya ng pagluluto, pagbabasa ng mapa o bayarin, pagbabasa ng mga tagubilin at pati na paglalaro ng sport.

Mga paraan sa pagsuporta sa pagsulong ng literasiya ng iyong anak

Ipinakita ng pananaliksik na bumubuti ang motibasyon at pagganap ng mga bata kapag sangkot ang kanilang mga magulang o tagapag-alaga sa kanilang edukasyon.

May maraming pang-araw-araw na bagay na maaari mong gawin upang himukin ang pagtuto ng numerasiya. Kabilang dito ang:

- paghihiyakat sa iyong anak na gumamit ng matematikal na wika — gaano karami, gaano kalaki, gaano kaliit, ilan
- pagtatalakay sa gamit ng mga numero, pattern at hugis sa iyong pang-araw-araw na buhay — mga numero na matatagpuan sa mga libro sa aklatan, mga spatial na pattern o hugis sa mga palaruan, sa tahanan at arkitektura
- pag-uusap tungkol sa mga okasyon kung kailan ginagamit mo ang matematika sa pang-araw-araw na trabaho at mga sitwasyon sa totoong buhay — pagluluto, pagbabasa ng mapa, pagtayo at paglalaro ng sport
- pagsisiyasat ng mga sitwasyon na gumagamit ng pera katulad ng pamimili, mga budget at credit card
- pagtatantiya, pagsusukat at pagkukumpara ng mga haba at taas, kung gaano kabigat o kagaan ang mga bagay at kung gaano karami ang nasa loob ng mga sisidlan
- pag-uusap tungkol sa iba't ibang paraan sa paglutas ng problema
- paggamit ng pang-araw-araw na kagamitan kagaya ng mga tape measure at mga panukat sa kusina at pagtatalakay sa mga yunit ng pagsukat
- pagtatanong ng 'naiintindihan mo ba ito?', 'reasonable ba ang sagot?' o 'ano ang ibang mga paraan sa paglutas nito?'
- pag-oobserba at paggamit ng mga timetable, kalendaryo at orasan para sa iba't ibang layunin katulad ng mga yugto ng pag-aaral, pagpaplanong bakasyon at pagsigurong hindi mahuhuli sa pagsakay sa pampublikong transportasyon
- pagtulong sa iyong anak na makalkula kung magkano ang mga bagay at magkano ang sukli na matatanggap niya
- paglalaro ng mga larong numero gamit ang mga magasin, libro, diyaryo at mga number plate
- pag-oorganisa, pagkategorya at pagbibilang ng mga koleksiyon ng mga bagay kagaya ng mga laruan, libro, damit, at sapatos.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano ka makakatulong sa iyong anak sa literasiya at numerasiya, bumisita sa www.education.qld.gov.au/parents/map o kontakin ang guro o paaralan ng iyong anak.